# EASE OF PAYING TAXES LALAGDAAN NG PANGULO
PAHINA 4

Publiko NEWS PUBLISHING
Impormasyon at Dokumentaryo
VOL.I NO.15 * NOBYEMBRE 20-26, 2023 * P20.00






# P19.97-B NILAAN PARA SA MGA INDIGENT

PUBUKO REPORTORIAL TEAM

**DILIMAN, Lungsod Quezon — Inanunsiyo ni Department of Budget and Management (DBM) secretary Amenah Pangandaman ang paglalaan ng ₱19.97 bilyon para sa Protective Services for Individuals and Families in Difficult Circumstances (PSIFDC) program ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) sa ilalim ng panukalang 2024 national budget.**

Ang nasabing alokasyon ay magsisilbing tulong-pinansyal sa tinatayang 3.9 milyong benepisyaryo sa buong bansa. *(sundan sa pahina 3)*

# Mayamang Kultura ng Kalinga



**LUBUAGAN, Kalinga — Ang kagandahan ng habing ito ay hindi kumukupas; sadyang matingkad at bumabagay sa anumang kulay ng kutis.**

Ito ang kumpiyansa ng isang manghahabi sa bayan ng Lubuagan sa Kalinga ukol sa kultura ng 'laga', o paghabi, na kinagisnan niya at nagsimula pa noong sinaunang katutubo sa nasabing lalawigan. *(sundan sa pahina 3)*



**Kapamilya pa rin.** Muling Lumagda ng kotrata sa ABS-CBN ang aktres na si Janine Gutierrez. *(buong artikulo sa Pahina 4)*

## BAKIT NABALAM ANG HEA NG MGA MEDICAL FRONTLINER? — GO
PAHINA 3

## CCC, GGGI NAGSANIB SA PAGSULONG NG RENEWABLE ENERGY SA PNR
PAHINA 2

## CSC NAGSAGAWA NG FIRST ANTI-RED TAPE SUMMIT
PAHINA 3

## BAWAL ANG PAGBIBIGAY NG LIMOS
PAHINA 2

EDITORIAL

# DISILUSYON

**NOONG panahon ng pangangampanyaat sa unang 100 araw ng administrasyong Marcos, mataas ang pangarap at pag-asa nating mga Pilipino na iigi at bubuti ang kanilang pamumuhay sa ilalim ng pamumuno ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Romualdez Marcos Jr.**

Maraam isa ating mga kababayan ang may positibong pananaw subalit batay sa survey ng independent data firm OCTA Research, ang kalagayang ito ay unti-unting nalusaw at may lumolobong bilang ng mga Pilipino ang nakaramdam ng disilusyon sa dating senador na supling ng yumaong 'strongman' na si Ferdinand Edralin Marcos Sr.

Pinakita sa latest survey ng OCTA na lumalaki ang porsyento ng ating mamamayang naniniwala na patungo ang ating bansa sa tamang fireksyon ang bumagsak sa double-digit drop mula sa 72 sa 62 porsyento nitong buwan ng Hulyo—ang pinakamalaking percentage drop simula pa noong Oktubre 2022.

Gayun man, mayroon pang dalawpung porsyento na naniniwala Maganda pa rin ang takbo ng Pilipinas habang 18 porsyento ang hindi nagbigay ng kanilang opinyon.

Sa mga rehiyon, ang Mindanao ang may pinakamalaking porsyento ng mga respondentna naniniwalang nasa tamang daan ang bansa sa iskor na 70 porsyento. Nasundan ito ng Kalakhang Maynila (69 porsyento), Kabisayaan (58 porsyento) at Luzon (57 porsyento).

Kabilang sa 20 porsyento na may duda sa direksyon ng ating bansa, nagtala ang Kabisayaan ng pinakamalaki sa 23 porsyento.

# BAWAL ANG PAGBIBIGAY NG LIMOS

**BAGONG BARRIO, Lungsod Kalookan — Tunay ngang saan mang lugar sa Kamaynilaan ay naglipana ang mga nanlilimos—may nakababad na nanghihingi sa lansangan, sa mga kanto at suluk-sulok, sa mga simbahan, sumasabit at sumsasakay sa mga pampublikong sasakyan tulad ng dyipni at mga bus at sa iba pang mga pampubliko lugar, naghihintay ng kaunting biyaya sa mga Mabuting Samaritano.**

Nakakaawa man sila pero sadyang hindi Magandang larawan sila ng ating Lipunan dahil sumsalamin ito sa patuloy na paghihirap ng marami sa ating mga kababayan.

Bukod dito, mas nakakasama pa ito dahil lumilitaw na kinokonsinti ang pagpapalimos bilang nakakarukhang pamamaraan ng hanapbuhay.

Kaya nga mariing nanawagan ang Department of Social Welfare and Development (DSWD) sa publiko na huwag magbigay ng anuman sa mga nanlilimos sa kalsada.

Ayon kay DSWD assistant secretary Romel Lopez, mayroong batas na nagbabawal ng pagbibigay ng anumang limos dahil batay kasi sa Presidential Decree 1563 na inilabas noon pa ni dating Pangulong Ferdinand Marcos Sr., may kaparusahan ang sinumang magbibigay ng limos kung saan bukod sa pagmumultahin ang mga ito ay makukulong ng hanggang apat na taon. Hindi na aniya kailangan na mabigyan ng limos ang mga street dwellers dahil sa mayroong programa ang ahensiya gaya ng Oplan Abot.

Inihayag ito ng DSWD dahil sa pagdami ng mga namamalimos sa kalsada lalo na ngayong nalalapit ang panahon ng kapaskuhan. ***(Danny Singh)***

# CCC, GGGI NAGSANIB SA PAGSULONG NG RENEWABLE ENERGY SA PNR




(Larawan mula sa GMA Network)

**MALAKANYAN, Maynila — Bilang suporta sa adhikain ng administrasyong Marcos na mabawasan ang greenhouse gas (GHG) emissions at gayun na rin ang paggamnit ng mga fossil fuel, nagsanib ang Climate Change Commission (CCC) at Global Green Growth Institute (GGGI) para isulong ang paggamit ng renewable energy sa sektor ng transportasyon.**

Magkasamang nakipagpulong sina CCC commissioner Albert Dela Cruz, Sr., GGGI assistant director-general Dr. Kyung-Nam 'Kevin' Shin at Green Investment Services director Nishant Bhardwaj kay Philippine National Railway (PNR) chairman Michael Ted Macapagal upang magkaroon ng kolaborasyon na makakatulong sa PNR na makamit ang layunin nitong lumipat sa sustainable green sources ng enerhiya.

Ang GGGI ay isang international intergovernmental treaty-based organization na nakabase sa Seoul, South Korea na nakikipagtulungan sa pamahalaan at pribadong sektor para isulong ang ang mga green growth policy at inisyatibo na my partikular na pagtuon sa paggamit ng renewable energy upang makamit ang climate resilience at sustainable development.

Sa kanilang pagpupulong, naging paksa ang ng paguusap ang potensyal para sa pagpapaunlad ng malakihang renewable energy program para sa PNR dahil makakatulong ito sa pagbabawas ng GHG emissions sa sektor ng transportasyon habang nakapagbibigay din ng sustainable energy source para sa pambansang railway system.

Hawak ang technology portfolio ng CCC, ipinaliwanag ni Commissioner Dela Cruz na ang proyekto ay alinsunod sa priority agenda ng Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Romualdez Marcos Jr., na pinahalagahan ang pagtugon sa mga epekto ng climate change at global warming sa pamamagitan ng pangangalaga ng ating kapaligiran.

Matatandaang ito ang naging mensahe ng Pangulo sa Ikatlong Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC) Business Advisory Council (ABAC III) meeting na isinagawa sa Cebu City nitong nakaraang Huly 28, 2023, na kung saan ay hinimok ng punong ehekutibo ang mga negosyante at pribadong sektor na tyajking tutugunan nila ang usapin ng nagbabagong klima sa pamamaraang sustainable at reliable para sa ating bansa.

Sa ilalim ng Climate Change Act of 2009, ang CCC ay binigyan ng mandato na ipaloob ang konsepto ng climate change sa iba't ibang mga polisiya, plano, programa at aktibidad. Inatasan din ang ahensya na isulong ang renewable energy at bumalangkas ng mga polisiya at programa tungo sa transisyon ng bansa sa isang green economy.

Sa pagkilala ng sektor ng transportasyon bilang isa sa pangunahing source ng greenhouse gas emissions sa bansa, naglagay ang GGGI ng mga solar panel sa kahabaan ng PNR railway line upang makatyulong sa pagpapababa ng polusyon at maging sustainable ang nasabing sektor. ***(Tracy Cabrera)***

PAYASO

# MATIGAS BA TALAGA ANG ULO NATING MGA PINOY?

*Disobedience is essentially a prideful power struggle against someone in authority over us. It can be a parent, a priesthood leader, a teacher, or ultimately God. A proud person hates the fact that someone is above him. He thinks this lowers his position.*

**— Former United States agriculture secretary Ezra Taft Benson**

MAYPAJO, Lungsod Kalookan — Itinalaga ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos, Jr. si Atty. Alexander Tantoco-Lopez bilang bagong pinuno ng Philippine Reclamation Authority (PRA).

Batay sa appointment paper na nilagdaan ni PBBM, binanggit na epektibo ang termino ni Lopez mula pa Hulyo 1,2023 at matatapos ito sa Hunyo 30, 2024.

Sa hiwalay namang appointment letter na ipinadala sa PRA at may petsang Nobyembre 7, 2023, ipinabatid ni Executive Secretary Lucas Bersamin sa BOD na aprubado narin ni Pangulong Marcos ang nominasyon ni Lopez bilang chairman ng ahensya. Kasabay nito, inatasan din ang PRA na bigyan ng kopya ng dokumento si Lopez at ipagbigay-alam dito ang kanyang nominasyon bilang pinuno ng ahensya sa loob ng pitong araw.

Si Lopez ay anak ng dating yumaong alkalde ng Maynila na si Mel Lopez.

* * *

MAHIGIT isang lingo nan ang ipatupad ang mas mabigat na multa para sa mga motoristang dadaan sa EDSA Bus Lane.

Ayon sa Metropolitan Manila Development Authority (MMDA), para ito sa kaligtasan ng mga motorista at hindi rin maabala ang mga sumasakay ng bus.

Mula P1,000 ay magiging P5,000 na ang multa para sa unang offense, P10,000 at isang buwang suspension ng lisensiya at sasailalim sa seminar para sa ikalawang offense, P20,000 at isang taong suspension ng lisensiya para sa ikatlong offense at P30,000 at tuluyang pagkansela ng lisensiya para sa ika-apat na offense.

Sa kabila nito, makalipas lang ang isang araw nang ipatupad ang bagong multa, mayroon pa ring mga 'gunggong' na motoristang sadyang dumaraan sa bus lane kahit alam nilang pinagbabawal ito.

Sadya talagang matitigas yata ang ulo nating mga Pinoy! ***(Cip D.C. Cabrera)***

# BAGONG 'HARASSMENT' NG CCG KINONDENA

**MALAKANYAN, Maynila — Kinondena ng pamahalaan ng Pilipinas ang isang panibago na namang insidente nang pangha-harass ng China Coast Guard sa barko ng bansa na nagsasagawa ng resupply mission sa bahagi ng Ayungin Shoal kung saan naka station ang BRP Sierra Madre.**

Ayon sa National Security Council, kumpirmadong may naganap na harassment Biyernes ng umaga nang muling tangkain ng China Coast Guard at Chinese Maritime Militia na harangin ang barko ng Pilipinas kung saan nagsagawa pa ang mga ito ng napakadelikadong maneuver.

Sabi pa sa mga ulat, layon ng mga ito na pigilan ang isinasagawang resupply mission sa BRP Sierra Madre at binugahan ng water cannon ang Philippine supply vessel ang M/L Kalayaan ng China Coast Guard vessel na may bow number 5203.

Ang supply boat na Unaizah Mae 1 at ang M/L Kalayaan ay nakaranas din sa lubhang walang ingat at mapanganib na maneuver mula sa China Coast Guard rigid-hulled inflatable boats sa loob ng Ayungin Shoal lagoon sa kanilang paglapit sa BRP Sierra Madre.

Gayunpaman, matagumpay na naabot ng dalawang supply boat ang LS 57.

Ipinarating na rin ng Embahada ng Pilipinas sa Beijing sa Chinese foreign ministry ang insidente at ipinoprotesta ang mga pagkilos na ito habang nakipag-ugnayan na rin ang Department of Foreign Affairs at direktang ipinarating ang protesta sa pamamagitan ng Maritime Communications Mechanism.

Mahigpit na dini-demand ng Pilipinas na umalis na kaagad sa paligid ng Ayungin Shoal ang mga Chinese vessels na responsable sa insidente.

Ayon sa National Security Council, ang sistematiko at pare-parehong paraan na isinasagawa ng People's Republic of China ng kanilang mga iligal at iresponsableng pagkilos ay naglalagay sa tanong at makabuluhang pagdududa sa katapatan ng mga panawagan nito para sa mapayapang diyalogo.

Samantala, pinapurihan ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ang mga tauhan ng Philippine Coast Guard at Armed Forces of the Philippines sa kanilang commitment, tapang, lakas ng loob at dedikasyon para maging matagumpay ang kanilang misyon.

Ayon sa Pangulo, kapuri-puri ang aksiyon ng mga sundalo dahil sa paglalagay ng kanilang buhay sa alanganin sa tawag ng linya sa paglilingkod sa bayan.

Siniguro ng gobyerno na hindi ito patitinag sa patuloy na pambu bully ng China na gawin ang legal na karapatan nito sa mismong maritime zones ng bansa.

Ang Ayungin Shoal ay bahagi ng exclusive economic zone ng Pilipinas.

Panawagan ng gobyerno na dapat ipakita ng China na sila ay responsable at mapagkakatiwalaang miyembro ng international community. ***(Ric Sakai III)***

# PAMASKO MAAGANG NATANGGAP NG MGA KAWANI NG LUNGSOD NG MAYNILA

**MAYNILA — Bilang pagtugon sa panawagan ng pamahalaang nasyonal na ibigay ang mga bonus at 13th month pay ng mga kawani ng gobyerno sa tamang panahon, agad na tinugon ito ng pamahalaang lungsod ng Maynila bago pa mang sumapit ang Pasko.**



Si Manila City mayor Honey Lacuna. (Larawanm ula kay Jerry S. Tan)

Maagang dumating ang Kapaskuhan sa may 8,500 na empleyado ng lungsod dahil sa maagang release ng kanilang mga cash bonus, ayon sa anunsyo ni Manila City mayor Dra. Maria Sheilah 'Honey' Lacuna-Pangan.

Sinimulan ng city government ang kanilang payout sa linggong nakaraan para sa mga regular employee ng lungsod at agad naming isusunod yaong inilaan para sa mga contract worker o job order (JO) employee ng city hall.

Sa kanyang maiksing mensahe sa flagraising ceremony, nagpahayag ng pasasalamat si Lacuna kay City Treasurer Jasmin Talegon dahil lagi nitong sinisiguro na on time ang mga benefits na para sa mga empleyado ng lungsod ng Maynila.

"Magpasalamat tayo sa maagap at 'on time' na pagbibigay ng kaligayahan sa lahat ng empleyado ng lungsod ng Maynila. Alam n'yo po, ang inyong pamahalaan ay talagang nagsisikap na maging masinop sa pondo ng ating lungsod," pahayag ng alkalde.

Nabatid na ang 13th month pay at cash gifts na P5,000 bawat isa para sa mga empleyado ng Maynila ay mai-release na kapag hiniling ng alkalde na hiniling din na maibigay ito ng maaga upang ang mga empleyado ay makapag-Christmas shopping din ng maaga.

Sinabi ni Lacuna: "Dahil po sa ating pagsisinop, kung mapapansin ninyo, lagi po tayong 'on time' sa mga benepisyo di lamang ng mga senior citizens, PWDs, solo parents, mga mag-aaral ng UdM, PLM at Grade 12 students at siyempre, pati na sa sarili nating tahanan— ang mga emplyedo ng lungsod ng Maynila."

"So, alam nyo na. Dapat ngayon at buong linggo ay masaya kayong maglingkod sa inyong nakakaharap sa araw-araw," dagdag pa ng alkalde. ***(Ed Dayot)***

Publiko NEWS PUBLISHING

Impormasyon at Dokumentaryo

**PUBLIKO NEWS PUBLISHING is a weekly newspaper in general circulation, published evey Monday. This publication is under the management of MARK ANTHONY B. CAIÑA, the Publisher/ Editor-in-Chief.**

**This publication is duly registered under DTI No. 5190105 (National).**

**Advertising/ Sales and Editorial Office is located at 109 P. Zamora St., Brgy. 15, District II, Caloocan City, Metro Manila.**

# BABALA LABAN SA RED TIDE INILABAS NG BFAR



**DILIMAN, Lungsod Quezon—Pinag-iingat ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) ang publiko sa pagkonsumo ng mga lamang-dagat, partikular na ang mga shellfish tulad ng tahong, halaan at alamang, makaraang nagpositibo sa nakalalasong red tide ang 10 lugar sa bansa.**

Ayon sa talata mula sa BFAR, ang mga shellfish o molusko na nakolekta sa ilang mga baybayin ay positibo sa paralytic shellfish poison o toxic red tide na lagpas sa regulatory limit.

Tinukoy ang mga baybayin na ito na sa President Roxas City sa Capiz, Saplan Bay (partikular sa Ivisan at Saplan), Panay at Pilar sa Capiz; Mambuquiao at Camanci, Batan sa Aklan; Dauis at Tagbilaran City sa Bohol; Dumanquillas Bay sa Zamboanga del Sur; Gigantes Islands at Carles sa Iloilo; San Benito sa Surigao Del Norte; at Lianga Bay sa Surigao del Sur.

Dahil sa bantang ito, hinayag ng BFAR na hindi ligtas na kainin ang nasabing mga moluskong hango sa nabanggit na mga lugar habang ligtas naman kainin ang mga isda, pusit at alimango basta't nalinisang mabuti bago lutuin. *(Noel Lontoc)*

# BAKIT NABALAM ANG HEA NG MGA MEDICAL FRONTLINER? - GO

*Delay is the enemy of progress.*
***— Former New York governor Eliot Spitzer***

MAYPAJO, Lungsod Kalookan — Bakit nga ba nababalam ang pag-release ng health emergency allowance para sa ating mga frontliner, ito ang kinuweston ni Senador Christopher Lawrence 'Bong' Go.

Binigyang-diin ng senador, na siya ring chairman ng Senate committee on health and demography, ang sapat na suporta ng gobyerno para sa ating mga healthcare worker (HCW) kaya nakakapagtakang nagaganap ang ganitong situwasyon.

Ipinaalala ni Go sa Department of Budget and Management (DBM) at Department of Health (DoH) at iba pang kinauukulang ahensya ng pamahalaan na tiyaking mailalabas ang mga allowance at benepisyo ng mga kuwalipikadong HCW alinsunod sa batas.

Kinuwestyon nito ang naantalang disbursement ng health emergency allowance at pinahalagahan nito sa pagbibigay ng agarang tulong pinansyal sa ating mga medical frontliner.

Ayon dito, "ipinasa na sa Senado ang Republic Act 11712 na nagbibigay ng patuloy na benepisyo at allowance sa mga pampubliko at pribadong healthcare worker sa panahon ng mga emerhensiyang pampublikong kalusugan, tulad ng Covid-19.

Nitong Hulyo, inalis na ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. ang state of public health emergency dahil sa coronavirus pandemic sa buong bansa at sa kabila nito ay may mga healthcare worker pa rin na hindi nababayaran ang kanilang health emergency allowance (HEA).

Naglaan ang ating pamahalaan ng malaking halaga na P19.962 bilyon para sa mga benepisyo at allowance sa emerhensiyang pangkalusugan ng publiko sa 2023 national budget. Saklaw nito ang healthcare at non-healthcare workers.

Higit pa rito, ang karagdagang P52.962 bilyon na unprogrammed fund para sa potensyal na kompensasyon ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan. *(Tracy Cabrera)*

# MAYAMANG KULTURA...

MULA SA PAHINA 1



Ayon kay Rhoda Gammong Passion, 12-anyos siya nang matutunang humabi at itinuro ito sa kanyang ang 'laga' ng kanyang mga magulang.

"My parents were taught by my great-grandparents and those before them, handed down this backstrap weaving equipment to us," wika ng 45-anyos na katutubong maghahabi.

"I also teach my children because this is an additional income that helps us send them to school," dagdag pa nito habang pinapakita ang kakaibang paghahabi ng mga Kalinga, na tinuturing na isa sa mga indigenous community dito sa Pilipinas.

AYON sa maghahabing si Rhoda Gammong Passion, tinutulungan siyang humabi ng kanyang panganay na anak na babe na si Rhoe Anne at ito rin ang tumutulong sa kanya para ibenta ang kanilang mga produkto online, hindi lang sa mga local na mamimili kundi maging sa ibang bansa.

Sa kanyang social media account, pinagmamalaki ni Rhoe Anne na ang telang likha nila ay isang "original Kalinga textile," kabilang ang pinakapopular na 'gilamat' design na isa sa 23 mga disenyong kalinga na kinagigiliwan ng kanilang mga mamimili. Kadalasan, ginagamit ang 'gilamat' bilang wraparound skirt o kain-main design.

Ayon naman kay Aida Buliwan, isa ring residente sa Lubuagan, nakakatulong ang paghahabi sa pagtaguyod ng kanyang pamilya.

"We survive because of the weaving industry. I can send my two children to school with the money I earn from this, supplemented by my husband's income as a carpenter," aniya.

Hinayag ni Lubuagan municipal administrator James Tagaotaona ang 'laga' ang kanilang entry sa 'One Town, One Product' program ng pamahalaang nasyonal.

"Our town is known for our woven products, which are not just woven fabrics but also woven bamboo products," ani Tagaotaona.

Sa Kalinga, ang bawat pamilya rito ay mayroong sariling backstrap weaving equipment, na kanilang minana mula sa sinua pang henerasyon.

Simula noong 2011, pinagdiriwang ng Lubuagan ang 'Laga Festival' sa unang linggo ng Marso para isabay sa kapistahan ng munisipalidad at bigyan ng halaga ang kulturang katutubo.

Sa ngayon, sinusuportahan ng Department of ang patuloy na pagpapaunlad ng 'laga' at iba pang tradisyon ng mga Kalinga, kabilang na ang backstrap weaving na itinuturo sa mga mag-aaral mula Grades 7 hanggang 12. ***(Karin Ceara Cabrera-Sakai)***

# MAPAGKAKATIWALAAN PA BA ANG CHINA?

**GRACE PARK, Lungsod Kalookan — Mariing kinondena ng ating pamahalaan ang panibagong insidente nang pambu-bully ng China Coast Guard (CCG) sa ating barkong nagsasagawa ng resupply mission sa bahagi ng Ayungin Shoal na kung saan naka-estasyon ang sadyang pinasadsad na BRP Sierra Madre bilang outpost.**

Ayon sa National Security Council, kumpirmadong may naganap na harassment Biyernes ng umaga nang muling tangkain ng CCG at Chinese maritime militia na harangin ang barko ng Pilipinas kung saan nagsagawa pa ang mga ito ng napakadelikadong maneuver.

Sabi pa sa mga ulat, layunin ng mga ito na pigilan ang isinasagawang resupply mission sa BRP Sierra Madre kaya ginamitan ng water cannon ng CCG vessel na 5203 ang ating supply vessel na M/L Kalayaan.

Una rito, ang supply boat na Unaizah Mae 1 at ang M/L Kalayaan ay nakaranas din ng harassment sa lubhang walang ingat at mapanganib na maneuvering ng mga barko ng CCG.

Sa kabila naman nito, matagumpay pa ring naabot ng dalawang supply boat ang LS 57.

Kaugnay nito, ipinanagbigay-alam na ng ating embahada sa Beijing sa Chinese foreign ministry ang insidente at pinoprotesta ang mga pagkilos na ito habang nakipag-ugnayan na rin ang Department of Foreign Affairs (DFA) at direktang ipinarating ang protesta sa pamamagitan ng Maritime Communications Mechanism.

Mahigpit na hinihiling ng Pilipinas na umalis na kaagad sa paligid ng Ayungin Shoal ang mga Chinese vessels na responsable sa insidente.

Ayon sa National Security Council, ang sistematiko at pare-parehong paraan na isinasagawa ng People's Republic of China ng kanilang mga iligal at iresponsableng pagkilos ay naglalagay sa tanong at makabuluhang pagdududa sa katapatan ng mga panawagan nito para sa mapayapang diyalogo. ***(Willie Caliwan)***

# MATAGUMPAY NA EYE TRANSPLANT

**NEW YORK CITY, New York — Isang grupo ng mga espesyalista sa New York ang matagumpay na nakapagsalin ng isang mata sa lalaking pasyente, ayon sa ulat ng Agence France-Presse (AFP).**

Ang operasyon na isinagawa sa New York University (NYU) Langone Health Center ay itinuturing na isang medical breakthrough dahil wala pang nakakagawa nito kahit pa hindi sigurado kung maibabalik ang paningin ng pasyenteng si Aaron James. Nabulag ang lineman na taga-Arkansas nang tamaan siya ng 7,200 boltahe ng kuryente noong Hunyo 2021.

Nabuhay ang 46 anyos na lalaki matapos ang aksidente ngunit nagtamo siya ng maraming pinsala sa katawan, kabilang ang pagkasira ng kanyang kaliwang mata, kaliwang braso, ilong, labi, ngipin, kaliwang pisngi at baba.

Kasama sa eye transplant operation noong Mayo 27 ang pagsasalin ng mukha ng donor sa kanya upang palitan ang nasira niyang mukha.

Nagkaroon na ng pagsasalin ng mata sa hayop ngunit unang transplant sa isang buhay na tao ang ginawa ng mga duktor ng NYU Langone Health sa pangunguna ni Dr. Eduardo Rodriguez.

Nakakalimang face transplant na si Rodriguez.

Ang matang inilagay kay James ay malusog ayon kay retinal ophthalmologist Vaidehi Dedania subalit hindi na siya nakakakita.

Sakaling makakita si James, magagamit ang karanasan nila Rodriguez upang magamot ang mga bulag, ayon kay Daniel Pelaez ng University of Miami's Bascom Palmer Eye Institute.

Sabi naman ni James na kahit hindi siya makakita, magandang simula ang nagawa nila Rodriguez dahil magkakaroon na sila ng ideya kung ano ang kailangang gawin nila sa susunod na eye transplant.

# CSC NAGSAGAWA NG FIRST ANTI-RED TAPE SUMMIT

**SAN FERNANDO, Pampanga — Nagsasagawa ang Civil Service Commission (CSC) ng kauna-unahang Anti-Red Tape (ART) Summit nitong Oktubre 25, 2023 sa CSC Central Office sa Batasan Hills sa Lungsod Quezon.**

Dinisenyo ang event para sa mga responsable sa pagpapatupad ng Republic Act (R.A.) No. 11032, o ang 'Ease of Doing Business and Efficient Government Service Delivery Act of 2018' (EODB EGSD).

Nakatuon sa temang 'One CSC, One Government Against Red Tape'," layunin ng ART Summit na mapagtibay ang dedikasyon at katapatan ng mga ahensya ng pamahalaan sa pagpapatupad ng R.A. 11032 at hanapin din ang mga oportunidad para sa kolaborasyon.

Idiniin din dito ang mahalagang bahagi ng Anti-Red Tape Division (ARTD) sa CSC Central Office (CO) at gayun din ang mga Anti-Red Tape Units (ARTUs) sa mga CSC regional office (RO) sa pagpapatupad ng EODB EGSD law.

Ayon kay CSC chairperson Karlo Nograles, sa nasabing summit, layuning maisaayos ang mga internal strategic goal ng mga ARTD at ARTU, masiguro ang kanilang alignment sa overall na inisyatibo at direksyon ng CSC.

Sabi pa ni Nograles, sa nasabing proseso, umaasa silang magiging malalim ang pag-unawa sa mga fundamental principle at 'finer nuances' EODB EGSD Act.

Ang isinagawang Summit ay dinaluhan nina CSC commissioner Aileen Lourdes A. Lazada at Ryan Alvin R. Acosta, Anti-Red Tape Authority (ARTA) director general Ernesto V. Perez, ARTA deputy director general for legal Geneses R. Abot at Department of Trade and Industry (DTI) assistant secretary Mary Jean T. Pacheco.

Bukod sa kanila, nagbigay ng kanilang partisipasyon sina acting assistant commissioner Judith Dongallo-Chicano, Nerissa B. Canguilan at Karin Litz P. Zerna ng CSC at gayun din ang iba pang mga director mula sa mga CSC CO at RO.

Dinaluhan din ang komperensya ng mga guest speaker mula sa Department of Information and Communications Technology (DICT), Government Service Insurance System (GSIS) at Korte Suprema. ***(JT Leonardo C. Santos)***

# P19.97-B NILAAN...

MULA SA PAHINA 1

"We are strengthening social protection measures to ensure that no one will be left behind, especially the marginalized and vulnerable sectors. This is the mandate of our President Ferdinand R. Marcos Jr., and we will make sure to exert all necessary efforts to make this attainable,"_ pagdidiin ni Secretary Pangandaman.

Sa kanyang Budget Message, ipinunto ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr., ang nararanasan pa ring epekto ng pandemiya sa bansa. "The harsh effects of the pandemic are still heavily felt by many, especially the most vulnerable. To address this, I have approved the National Economic Development Authority's (NEDA) recommendation for the Social Protection Floor (SPF) framework which aims to institutionalize existing social protection programs,"_ ayon sa Pangulo.

Isang mahalagang elemento ng programa ng PSIFDC ay ang Assistance to Individuals in Crisis Situation (AICS) na layong magbigay ng isang komprehensibong hanay ng mga serbisyo, kasama ang cash assistance para sa pagkain, transportasyon, mga serbisyong medikal, gastos sa libing, at iba pang mahahalagang pangangailangan ng nasa marginalized sector.

VOL.I NO.15 * NOBYEMBRE 20-26, 2023

Publiko iP NEWS PUBLISHING

PUBLIKO NEWS PUBLISHING IS A WEEKLY NEWSPAPER IN GENERAL CIRCULATION, PUBLISHED EVERY MONDAY.

PUBLIKO NEWS PUBLISHING accepts contributions from anyone who may want to share their opinions, stories, experiences and other interesting matters.

All articles submitted to PUBLIKO NEWS PUBLISHING are those of author's opinions and do not constitute our endorsement nor reflect the views of the Publisher. Email us at publiko.news@gmail.com

PUBLIKO NEWS PUBLISHING does not warrant or assume any expressed therein by the authors, writers or contributors. All articles are subject to editing to comply with the editorial policies and directions of this publication.

Materials here may not be reproduced, copied in any form of by any means without written permission from the Publisher.

The opinions and ideas expressed by the writers or contributors do not reflect the opinion of this publication and its management.

# EASE OF PAYING TAXES LALAGDAAN NG PANGULO



**BATASAN HILLS, Quezon City — Naisumite na kay Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Romualdez Marcos Jr. ang ang panukalang batas na magpapadali sa proseso ng pagbabayad ng buwis at value added tax (VAT) refund matapos na kapwa aprubahan ng Senado at Kamara de Representante ang 'Ease of Paying Taxes Bill' o EOPT.**

Ayon kay House Ways and Means Committee chairperson Joey Salceda, ang nasabing batas ay maituturing na pinaka pro-taxpayer reform na ipatutpad ng gobyerno sa loob ng ilang dekada sa pamamagitan ng pag-digitize sa pagbabayad ng buwis.

"This will drag the tax system out of the past century and into the internet age. With EOPT, we now have a fully digital-ready tax system that caters to the global Filipino," pinunto ng kinatawan ng District II ng Albay.

Idinagdag pa ni Salceda na kasama umano sa mga reporma na isinusulong sa panukalang batas ay ang pag-alis sa P500 registration fee, pagbuo ng micro, small, and medium taxpayer services sa Bureau of Internal Revenue (BIR) para sa maliliit na negosyo, pagpapahintulot sa online transfer of registration at paging exempt ng mga overseas Filipino workers sa paghahain ng income tax return.

Pinunto rin ng mambabatas na padadaliin na rin aniya ang pagproseso ng VAT refund lalo at nadedehado aniya rito ang investors.

Ang EOPT ay kinikilala bilang isang kagyat na priyoridad ng Pangulo, ang legislative milestone na ito ay magsisimula sa mga administratibong reporma na naglalayong pasimplehin ang pagsunod sa buwis at palakasin ang mga karapatan ng nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng pag-amiyenda sa mga piling probisyon sa loob ng National Internal Revenue Code of 1997. ***(Ed Dayot)***

# LUCENA NETTERS HUMAKOT NG LIMANG MEDALYA SA HK

**MAYPAJO, Caloocan City — Dinomina ng Lucena City Pickleball Club ang Oakley Hong Kong Open Pickleball Open Championships 2023 sa paghakot ng koponan ng limang medalya sa taunang patimpalak.**

Nanguna si College of Saint Benilde standout Gaby Zoleta sap ag-uwi ng Pinoy squad ng tatlong pilak at dalawang tansong medalya sa prestihiyosong torneo kontra sa pinakamahuhusay na mga pickleball netter mula sa Asya.

Si Zoleta, ang pamangkin ni Southeast Asian Games gold medalist Bien Zoleta, ay umabante sa final ngunit yumuko sa kababayang si Eren Louise Grace Penados, 20-21, para tumira sa silver medal sa 19+ women's singles category.

Nasungkit naman ni Anya Uy ang pilak na medalya sa 19+ men's singles category habang ang tandem nina John Eric Buhay at Odilon Tayag ay umangkin din ng pilak sa 50+ men's doubles.

Si Uy ang lumabas na may panibagong podium finish matapos makipagtambal kay Sorren Emprese para angkinin ang bronze medal sa 19+ men's doubles habang si Aaliyah Julao ay tumakas din na may bronze medal sa 19+ women's singles category.

Sa kabila ng kabiguan na manalo ng ginto, ipinagmamalaki pa rin ni coach Karl Zoleta ang pagganap ng squad kung isasaalang-alang na sila ay nakasalansan laban sa ilang miyembro ng pambansang koponan sa ilalim ng mainit na araw ng Hong Kong.

"The team performed well overall but we weren't ready when we realized that the tournament would be held outdoors since we would start training at 6 p.m. The younger players can handle it but not the older players who had to work during the daytime," saad ng ama ni Gaby na si Karl.

"We are a club team, unlike our opponents which fielded national teams. We're proud to say we can play in international tournaments," dagdag nito.

"For us, since the game is addictive, we will make time to play. Our only break is on Sundays," anito.

"This time, we need to work on the stamina of the players. Although we take our training seriously, we have to allot time to build their stamina and training for their conditioning," sabi pa ni Karl. ***(Heidi Nicodemus)***

## *Wika ng Diyos*

**Sapagka't sa atin ay ipinanganak ang isang bata, sa atin ay ibinigay ang isang anak na lalake; at ang pamamahala ay maaatang sa kaniyang balikat: at ang kaniyang pangalan ay tatawaging Kamanghamangha, Tagapayo, Makapangyarihang Dios, Walang hanggang Ama, Pangulo ng Kapayapaan.**

**– Isaias 9:6**

# KASO NG NAKAIMBAK NA MGA TABLET SA DICT

**SANTO DOMINGO, Lungsod Quezon — Nababahala ang Commission on Audit (CoA) sa libu-libong mga tablet na hindi pa naipapamahagi ng Department of Information and Communication Technology (DICT).**

Ang mga naturang kagamitan ay donasyon ng United Nations Development Program (UNDP) noon pang nakalipas na taon at nakakapagtaka na hanggang ngayon ay hindi pa naibibigay ito sa mga pinaglalaanan ng mga ito.

Ayon sa CoA, ang naturang mga gadget ay bahagi sana ng tulong ng United Nations (UN) para sa Covid-19 Vaccination Program ng ating pamahalaan na kung saan ay magagamit ang mga ito sa implementasyon ng Vaccine Information Management System (VIMS) o pagmonitor sa progreso ng pagbabakuna.

Kabuuang 4,000 tablets ang naging donasyon noon ng UN kaya ngayong humupa na ang apndemya ng coronavirus, tunay ngang dapat maipaliwanag kung bakit sadyang nakaimbak ang mga ito nang hindi ipinamahagi ng DICT.

Gayun pa man, natuklasan ng asting mga state auditor na 17 porysento pa lamang ang naipapamahagi hanggang sa ngayon kung saan ang natitirang 83 porsyento o katumbas ng 3,304 tablets ay nananatiling nakatabi sa hindi pa malamang kadahilanan.

Sa kasalukuyan, wala pang natukoy ang DICT na benepisyaryo para sa mga natitirang tablet ngunit una na ring nakapaglatag ang ahensiya ng mga share sa bawat rehiyon.

Nakakatuwang malaman ang ganitong mga situwasyon dahil kapos nan ga sa makabaong teknolohiya at kagamitan ang marami sa ating kababayan ay hindo pa nila mapakinabangan ang donasyon mula sa ibang bans ana dapat sana't mapakinabangan nila.

At nakakatuwa rin dahil bukod sa kakulangan ng kagamitan ay sobrang hina pa ng ating internet service dito sa ating bansa! ***(Karin Ceara Cabrera-Sakai)***

# JANINE GUTIERREZ, KAPAMILYA PA RIN




**MAYNILA — Nasging desisyon ng aktres na si Janine Gutierrez na manatili bilang talent ng Kapamilya network kaya muling pumirma ito ng kontrata sa ABS-CBN at inaming masaya siya sa takbo ng kanyang showbiz career.**

"I really, really look forward to being a Kapamilya forever!" wika ni Janine matapos niyang mag-renew ng kontrata sa ABS-CBN kaya asahan umano ang mas marami pang pasabog na proyekto na gagawin niya sa mga susunod na mga buwan.

In fairness, mula nang lumipat si Janine sa ABS-CBN ay hindi na siya nawalan ng trabaho kaya naman abot-langit ang pasasalamat niya sa mga bossing ng network.

Marami na ring napatunayan ang dalaga bilang aktres dahil sa mga bonggang projects na ipinagkatiwala sa kanya ng ABS-CBN.

Bukod sa seryeng 'Marry Me, Marry You' at pelikulang 'Sleep With Me', nagmarka rin si Janine sa last series niyang 'Dirty Linen' na kaliwa't kanan ang tinanggap na parangal here and abroad.

"Mas marami nang tumatawag sa akin na Alexa kaysa Janine. Hahaha! But kidding aside, it has been a great journey for me. It has been one of the happiest times of my life talaga to be able to work with such inspiring actors, writers, and creatives, and of course lahat ng Kapamilya natin sa mundo," saad ni Janine.

Sa tanong kung ano para sa kanya ang essence ng pagiging Kapamilya, tumugon ang aktres: "I think the essence of being a Kapamilya is being there for the people you love through the good and the bad and I think that's what the heart of ABS-CBN, being a Kapamilya is.

"It feels so lucky to be welcomed into this family and to be able to continue my journey with the Kapamilyas." ***(Gen Pedrozo)***

Ang pahayagang ito ay tumatanggap ng mga Pampublikong Anunsiyo, maari lamang mag-email sa publiko.news@gmail.com